

Kakayahang Pangkomunikasyon Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikapitong Baitang Gamit Ang Wikang Filipino

GRACE M. BAWEG

Abstrak — Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy at masuri ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang gamit ang wikang Filipino, gayundin ang implikasyon nito sa kanilang akademikong pagganap. Gumamit ang mananaliksik ng disenyong palarawan upang makalap ang mga datos mula sa piling mag-aaral ng ikapitong baitang. Lumabas sa resulta na ang pangunahing hadlang sa epektibong paggamit ng wikang Filipino ay ang: (1) mas karaniwang paggamit ng Ingles o Taglish sa tahanan at paaralan; (2) limitadong bokabularyo at kahirapan sa pagbigkas ng ilang salitang Filipino; at (3) mga emosyonal na salik gaya ng kaba, hiya, at takot na magkamali. Samantala, napag-alamang mas mataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral na lumaki o nakatira sa pamilyang pangunahing gumagamit ng Filipino. Bilang tugon sa mga natuklasan, iminungkahi ang pagbuo ng isang workshop sa Komunikasyon sa Filipino na may kasamang interaktibong aktibidad tulad ng role-play, talakayan, at storytelling, kalakip ang sistematikong pagpapalawak ng talasalitaan at pagsasanay sa tamang pagbigkas. Layunin nitong mapababa ang language anxiety, mapalakas ang emotional confidence, at higit na mapaunlad ang kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan.

Mga Susing Salita — *kakayahang pangkomunikasyon, wikang Filipino, salik sa komunikasyon, bokabularyo, kumpiyansa, language anxiety*

I. Introduksyon

Saligan ng Pag-aaral

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa komunikasyon at pagpapalaganap ng ideya upang magkaroon ng pagkakaiisa at pagkakaunawa ang bawat tao. Sa bansang Pilipinas, ang Filipino, bilang pambansang wika, ay itinuturing na pangunahing daluyan ng komunikasyon sa mga paaralan at iba pang institusyon.

Ayon sa pinalawak na modelong pangkomunikasyon nina Celce-Murcia, Dörnyei, at Thurrell (2018), ang kakayahang pangkomunikasyon ay hindi lamang saklaw ang gramatikal, sosyolingguwistik, diskorsal, at stratehikong kakayahan, kundi pati na rin ang interactional competence, o ang kakayahang makipag-ugnayan sa tunay na konteksto ng komunikasyon. Sa ganitong pananaw, mahalagang suriin ang mga salik na nakaaapekto sa aktwal na pakikilahok ng mga mag-aaral sa usapan, lalo na sa pormal at di-pormal na sitwasyon.

Kaakibat nito, binigyang-diin nina Bachman at Palmer (2020) na ang matagumpay na paggamit ng wika ay bunga ng ugnayan sa pagitan ng kaalamang pangwika, estratehikong kakayahan, at mga panlipunang at emosyonal na salik gaya ng kumpiyansa, layunin sa

komunikasyon, at pananaw sa wika. Sa panig ng mga mag-aaral, lalo na sa mga gumagamit ng Filipino bilang pangalawang wika, ang mga salik na ito ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang makipag-usap sa loob at labas ng silid-aralan.

Ayon kina Napil at San Jose (2020), ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa pagkakakilanlan at pagkatuto ng mga katutubong mag-aaral. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na may mataas na antas ng paniniwala at estratehiya sa pagkatuto ng Filipino ang mga mag-aaral, ngunit hindi ito nakakaapekto nang malaki sa kanilang pagganap sa akademya.

Gayundin, sa isang pag-aaral ni Buduan (2023), tinukoy ang mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral, kabilang ang mga estratehiya sa pagkatuto, ngunit ipinakita ng kanilang mga resulta na walang makabuluhang ugnayan ang mga salik na ito sa mga marka ng mag-aaral sa Filipino. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakadepende sa mga estratehiya kundi pati na rin sa mga aspeto ng kanilang araw-araw na buhay, tulad ng kanilang pamilya at komunidad.

Ayon naman sa isang pag-aaral nina Maramag-Manalastas at Batang (2024), ang mga salik na nakakaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Ingles ay kinabibilangan ng kanilang dedikasyon sa pagpapabuti, mga layunin na maging guro sa hinaharap, at pakikilahok sa mga libangan. Sa kabilang banda, ang mga negatibong salik ay kinabibilangan ng mga kahirapan sa pagproseso ng kognitibo, mga panlabas na salik, at mga salik na may kinalaman sa damdamin. Upang mapabuti ang kasanayan sa Ingles, iminungkahi ng mga mananaliksik ang paglikha ng isang suportadong kapaligiran sa pagkatuto, pagbabawas ng pagkabahala sa pamamagitan ng pamamahala ng kognitibong pag-load, at pagpapalakas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral.

Samantala, ayon kay Tana (2025), ang mga salik na nakakaapekto sa antas ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral sa sekondaryang paaralan ay kinabibilangan ng impluwensya ng guro, motibasyon ng mag-aaral, at ang epekto ng mga kaibigan at mass media. Sa pag-aaral ni Tana, napag-alaman na ang guro ang may pinakamalaking impluwensya sa pagkatuto ng Filipino. Gayunpaman, karamihan sa mga mag-aaral ay nakaramdam ng pagkakaiba sa pagitan ng kanilang katutubong wika at ng Filipino, na maaaring magdulot ng hamon sa kanilang pagkatuto ng wika.

Batayang Konseptuwal

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga kaisipan na naging batayan ng isasagawang pag-aaral. Makikita rin dito ang tunguhin ng pananaliksik.

Pakikipagtalastasan gamit ang Wikang Filipino

Ang pakikipagtalastasan ay isang mahalagang kasanayan na nagpapahintulot sa tao na maipahayag ang kanyang saloobin, ideya, at impormasyon sa iba. Sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan, naipapakita hindi lamang ang kahusayan sa wika kundi maging ang paggalang sa sariling kultura at identidad.

Ayon kay Santos (2020), ang epektibong pakikipagtalastasan ay nakasalalay sa kakayahang ng isang indibidwal na gamitin ang wika nang wasto at angkop sa iba't ibang konteksto.

Binibigyang-diin ni Gonzales (2019) na ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan ay hindi lamang nasusukat sa dami ng bokabularyo kundi sa kakayahang gamitin ito nang may kabuluhan at kalinawan. Kaya mahalaga na maunawaan ang iba't ibang salik na maaaring makaapekto sa paggamit ng wika sa komunikasyon.

Workshop


Ang workshop ay isang interaktibong aktibidad na naglalayong pagyamanin ang kasanayan ng mga kalahok sa pamamagitan ng aktwal na pagsasanay at kolaboratibong pagkatuto. Sa konteksto ng pagpapatibay ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino, nagsisilbing instrumento ang workshop upang mapataas ang antas ng kasanayan at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral.

Nagbibigay ang workshop ng ligtas na espasyo kung saan maaaring magsanay ang mga mag-aaral sa pagsasalita nang walang pangamba sa paghatol. Sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng pagsasalaysay, role-playing, debate, at group discussions, napapaunlad nila ang kanilang kakayahang magpahayag sa Filipino. Ayon kay Santos (2021), ang aktwal na paggamit ng wika sa mga makabuluhang gawain ay mas epektibo sa pagpapaunlad ng kumpiyansa kumpara sa pasibong pagkatuto.

Bukod dito, sa isang workshop, agad na natatanggap ng mga mag-aaral ang feedback na makatutulong sa agarang pagwawasto ng mga pagkakamali. Ang patuloy na positibong karanasan at pagkilala sa kanilang pagsisikap ay nagdudulot ng pagtaas ng kumpiyansa sa pakikipagtalastasan. Itinuturing din ang workshop bilang mabisang paraan upang hubugin ang kolaborasyon at suporta mula sa kapwa, na lalong nagpapalakas sa loob ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang pagkakataon (Reyes, 2022).

Mula rito, gagamit ang mananaliksik ng Input-Process-Output (IPO) na modelo bilang gabay sa pag-aaral. Makikita sa Figyur 1 ang tunguhin ng pag-aaral.

Sa input matutunghayan ang pakikipanayam at gabay na katanungan sa pakikipanayam upang malaman ang mga salik na nakakaapekto sa paggamit ng Wikang Filipino sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral, ang mga katanungang ito ang magsisilbing gabay upang masuri at matukoy ang mga salik na nakakaapekto sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan. Sa proseso naman ay susuriin at aayusin ng mananaliksik ang mga datos mula sa talatanungan upang matukoy ang mga pangunahing salik na nararanasan ng mga mag-aaral. Panghuli, ang magiging awtput ng mananaliksik ay isang programa o workshop na magpapalakas sa tiwala ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.



Figyur 1. Paradim ng Pag-aaral

Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay isasagawa upang malaman ang mga salik na nakakaapekto sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral at mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga salik na nakakaapekto sa kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino?
2. Ano ang epekto ng mga salik na nakakaapekto sa kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?

II. Pamamaraan

Ang kabanatang ito ay nagpripresenta ng disenyo sa pananaliksik at ang mga gamit para sa pangangalap ng mga datos. Kabilang din dito ang mga populasyon at lokasyon ng pag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong palarawan upang suriin ang mga salik na nakakaapekto sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Layunin ng disenyong ito na ilarawan at masusing tuklasin ang mga karanasan, saloobin, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang sitwasyong komunikatibo. Sa pamamagitan ng disenyong ito, matutukoy ang mga salik na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang makipagtalastasan gamit ang wikang Filipino.

Populasyon at Lugar ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Philippine Science High School- CAR Campus na matatagpuan sa Barangay Irisan, Baguio City. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral mula sa ikapitong baitang, na pinili gamit ang purposive sampling. Pinili ng mananaliksik ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang sapagkat sila ang mga bagong salta sa mataas na paaralan at madalas nakararanas ng mga hamon sa pag-aangkop sa bagong antas ng edukasyon. Sa panahong ito, maaari din silang makararanas ng pag-aatubili o pagkamahiyain sa pagpapahayag ng kanilang sarili. Dahil dito, itinuturing silang angkop na kalahok para sa pag-aaral na ito.

Instrumento sa Pangangalap ng Datos

Sa pagkalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng *semistructured* na pakikipanayam bilang pangunahing paraan upang makuha ang mga saloobin ng mga mag-aaral. Ang mga tanong sa panayam ay ilalahad sa isang malayang paraan na may mga gabay na katanungan upang masiguro ang pagkolekta ng mahahalagang impormasyon hinggil sa mga salik na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino.

Paraan sa Pangangalap ng Datos

Nagsimula ang mananaliksik sa pagkuha ng katibayan na siya ay sumunod sa mga pamantayang etikal ng pananaliksik, kabilang na ang pagproseso ng mga dokumentong kinakailangan mula sa institusyong kinabibilangan. Nagpasa ang mananaliksik ng liham-pahintulot sa Campus Director ng Philippine Science High School-CAR Campus upang humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Pagkatapos mapahintulutan, hihingi ng pahintulot mula sa mga guro, magulang at estudyante sa ikapitong baitang upang maisagawa ang pananaliksik. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng *informed consent form* o pormularyo ng may kaalamang pahintulot na nagpapaliwanag ng layunin, proseso, at benepisyong maaaring matamo mula sa pananaliksik, pati na rin ng garantiya na mapangangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan at mga sagot.

Matapos makuha ang kanilang pagsang-ayon, isinagawa ng mananaliksik ang pakikipanayam sa mga piling mag-aaral. Ang interbyu ay naging semi-structured upang magkaroon ng sapat na kalayaan ang mga kalahok sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin tungkol sa mga salik na kanilang kinakaharap sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino. Ang mga panayam ay ine-record (kung may pahintulot) upang matiyak ang katumpakan ng datos.

Tritment ng mga Datos

Pagkatapos makalap ang mga datos mula sa mga panayam, isinagawa ng mananaliksik ang transkripsyon ng bawat pakikipanayam upang magkaroon ng masusing pagsusuri. Ginamit sa pagsusuri ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006) upang tukuyin at unawain ang mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral.

Sa unang hakbang, pamilyarisasyon sa datos ang ginawa sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa ng mga transkripsyon. Susundan ito ng pagbuo ng mga inisyal na kodigo, kung saan itatala ang mga bahagi ng sagot na may kaugnayan sa mga salik na nakakaapekto sa paggamit ng Filipino. Mula sa mga kodigo, naghanap ang mananaliksik ng mga salik na naulit-ulit, at nagsilbing pangunahing batayan sa pag-unawa sa mga salik na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino.

Ang mga natukoy na salik ay sinuri, pinangalanan, at inilarawan nang malinaw upang maipakita ang kabuoang larawan ng mga karanasan ng mga mag-aaral. Ang mga temang ito ang naging batayan ng mga kongklusyon at rekomendasyong inilahad sa huling bahagi ng pag-aaral.

III. Pagtalakay ng Resulta

Ang bahaging ito ay nakatuon sa mga resulta at pag-aanalisa sa mga datos na nakalap ng mananaliksik hinggil sa mga salik na nakakaapekto sa kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang gamit ang wikang Filipino.

Mga Salik na Nakakaapekto sa Kakayahang Pangkomunikasyon ng mga Mag-aaral

Maraming salik ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang pangkomunikasyon sa wikang Filipino. Kabilang dito ang salik pang-emosyonal gaya ng kaba, hiya, at takot na magkamali sa harap ng guro at kaklase; salik pangkapaligiran tulad ng limitadong oportunidad na gamitin ang Filipino sa labas ng silid-aralan at impluwensya ng paggamit ng Ingles sa paaralan; at salik pangkultural na may kinalaman sa wika at identidad ng mag-aaral, gaya ng mas mataas na komportableng paggamit ng unang wika o *mother tongue*.

Ingles at Taglish sa Araw-araw na Komunikasyon

Batay sa datos, mas karaniwan para sa mga mag-aaral ang paggamit ng Ingles o Taglish sa tahanan at sa paaralan. Ang ganitong gawi ay nagreresulta sa mas limitadong paggamit ng Filipino sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon.

K1: “English po ang gamit ko dahil sabi ng ate ko... English daw po ang main language rito sa Pisay.”

K2: “Taglish, because all my family speak in Taglish.”

K3: “If the subject is related in English I speak in English. Nag eenglish po ako sa Filipino kung hindi ko po ma express in Filipino yung mga words na gusto kong sabihin.”

K5: “English po, my previous school influence me most in speaking English dahil galing po ako sa school na English ang main language.”

Ipinahihiwatig nito na ang midyum ng komunikasyon sa tahanan at paaralan ay nakaaapekto sa kasanayan ng mag-aaral sa Filipino. Ipinapakita ng pag-aaral ni Abang at Aringay (2024) na ang mga mag-aaral sa junior high ay madalas na gumagamit ng *code-switching*, lalo na ng mga adjectives at verbs, upang mas komportable silang maipahayag ang kanilang mga saloobin kapag sila ay nahihirapang mag-elaborate sa Filipino. Bilang tugon, hinihikayat ng mga guro ang pagsalin ng wika upang mapalago ang kasanayan sa Filipino, dahil ang madalas na code-switching ay nauugnay sa mahina o limitadong bokabularyo sa Filipino (Abang & Aringay, 2024).

Limitadong Bokabularyo at Kakulangan sa Pagbigkas

Halos lahat ng kalahok ay nagsabing nahihirapan silang magpahayag sa Filipino dahil sa kakulangan sa bokabularyo at kahirapan sa pagbibigkas ng ilang salita.

K1: “Mahina po kasi ang aking vocabulary sa Filipino.”

K2: Kaya ko naman po mag speak in Filipino, nahihirapan lang po ako sa ibang words.

K3: “Nahihirapan akong gumamit ng wikang Filipino... hindi rin ako marunong bigkasin ang ilang mga salita.”

K4: “Nahihirapan po ako dahil nakakalimutang ko ang ibang translation ng ilang words at yung meaning, kaya nagsasalita ako ng English kapag nakalimutan.”

K5: “Nahihirapan po, kasi hindi ako advance sa Filipino at sa mga meaning ng ibang words sa Filipino.”

Sinusuportahan ni Tan-de Ramos (2023) ang ideya na ang mga bata sa labas ng iskolar na tungkulin (home context) ay mas bihirang gamitin ang Filipino lexicon, at kadalasa’y mas limitado ang kanilang repertoire sa bokabularyong Filipino. Bagama’t aktibo silang bilingual, lumilitaw na napipili pa rin nilang gamitin ang mga English nouns sa karaniwan nilang pakikipag-usap, isang indikasyon ng noun bias na nakikita sa mga early bilinguals na maaaring maghadlang sa mas malalim na bokabularyo sa Filipino. Ganoon din sa pag-aaral ng makabagong empirikong ni Dela Guro (2025) sa konteksto ng Filipino na nagpapakita na ang limitadong exposure at aktibong paggamit ng Filipino (tulad ng tamang kagamitan sa pagtuturo at aktibidad sa paaralan) ay hadlang sa pagbuo ng mas malalim na bokabularyo at sa epektibong komunikasyon. Sa konteksto ng Filipino, ang kakulangan sa exposure at praktis ay nagiging hadlang sa mas malalim na pagkatuto at ang limitadong bokabularyo ay nagiging hadlang sa mas malinaw at maayos na pagpapahayag sa Filipino.

Pag-aatubili at Pagkabahala sa Pagsasalita

May ilang mag-aaral na nakararanas ng kaba, hiya, o pagkautal kapag kinakailangang magsalita sa Filipino, lalo na sa harap ng klase.

K1: madalas akong nauutal at nahihirapan intindihin ang malalalim na salita.

K2: minsan nabubulol sa pagsasalita ng mga Filipino lalo na kung malalalim, bago ang salita at mahahabang tagalog words.

K3: “Nahihiya o kinakabahan ako kapag hindi ako sigurado sa aking paggamit ng wikang Filipino.”

K4: “Kinakabahan po, kasi baka biglang mabulol sa harap ng klase.”

Ayon sa pag-aaral nina Dewaele at MacIntyre (2014) na nagpapakita na ang *Foreign Language Classroom Anxiety* ay may negatibong ugnayan sa kasanayang pangkomunikasyon at *willingness to communicate* ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga pananaw na ito na ang pag-aatubili at pagkabahala sa pagsasalita, gaya ng nauutal, nabubulol, o nahihirapan sa malalalim na salita sa Filipino, ay maaaring bunga ng mataas na antas ng *affective filter* na humahadlang sa paggamit ng wika sa akademikong konteksto. Batay rin sa pag-aaral nina Regidor at Labiste Jr. (2024) ay nagpapakita na ang mga high school learners ay nakakaranas ng language anxiety kabilang ang communication apprehension, fear of negative evaluation, at test anxiety na aktibong nakakaapekto sa kanilang willingness to communicate at academic participation, lalo na sa distance learning setups. Pinagtitiyay nito ang ideya na ang mataas na antas ng affective filter ay nagiging hadlang sa aktwal na paggamit ng wika, at nangangailangan ng consciencioiyong intervention sa klase.

Positibong Karanasan at Pagiging Komportable

Bagaman karamihan ay may kahirapan sa Filipino, may ilan ding nagsabing komportable sila, lalo na kung ito ang gamit sa kanilang tahanan.

K2: “I’m confident naman po to speak, nahihirapan lang ako sa ibang words.”

K5: “Komportable naman po ako sa pagsasalita ng Filipino.”

Ipinahihiwatig nito na ang antas ng pagiging komportable ay nakadepende sa antas ng exposure at karanasan sa paggamit ng wika. Ayon kina MacIntyre, Gregersen, at Mercer (2020), ang emosyonal na kalagayan ng mag-aaral tulad ng pagiging komportable at hindi kinakabahan ay may malaking impluwensya sa kanilang *willingness to communicate* at pangkalahatang kakayahang pangkomunikasyon. Batay sa pagsusuri nina Salvacion at Napil (2025) sa *Asian Journal of Advanced Research and Reports* ay nagpapakita na ang intercultural awareness at language learning motivation ay may relasyon sa language anxiety at competence ng mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaroon ng cultural awareness at positibong karanasan sa sariling wika sa bahay at komunidad ay nakakatulong sa pagtaas ng loob at kakayahan ng mag-aaral; sa kabilang banda, pinapababa naman ng mataas na anxiety ang kanilang motivation at paggamit ng Filipino (Salvacion & Napil, 2025).

BUOD

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang gamit ang wikang Filipino at ang epekto nito sa kanilang akademikong pagganap. Batay sa panayam, lumitaw ang mga sumusunod na natuklasan:

1. Mas karaniwan ang paggamit ng Ingles o Taglish sa tahanan at paaralan kaysa Filipino.
2. Limitado ang bokabularyo at may kahirapan sa pagbigkas ng ilang salitang Filipino.
3. Nakadarama ang ilang mag-aaral ng kaba, hiya, o pag-aalinlangan sa paggamit ng Filipino sa pormal na sitwasyon.
4. Mas komportable ang paggamit ng Filipino kung ito ay pangunahing wika sa tahanan.

IV. Kongklusyon at Rekomendasyon**Kongklusyon**

Batay sa natuklasan ng pag-aaral ang sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Ang midyum ng komunikasyon sa tahanan at paaralan ay may malaking impluwensya sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.
2. Ang limitadong bokabularyo at kahirapan sa pagbigkas ay pangunahing hadlang sa epektibong pakikipagtalastasan.
3. Ang mga emosyonal na salik tulad ng kaba at hiya ay nakaaapekto sa kumpiyansa ng mga mag-aaral na magsalita sa Filipino.
4. Mas mataas ang kumpiyansa at kasanayan ng mga mag-aaral na madalas gumamit ng Filipino sa kanilang kapaligiran.

Rekomendasyon

Batay sa nabuong kongklusyon, iminumungkahi ang sumusunod:

1. Maglunsad ng isang workshop sa Komunikasyon sa Filipino na mayroong mga interaktibong gawain tulad ng role-play, talakayan, at storytelling upang sanayin ang mga mag-aaral sa aktwal na paggamit ng Filipino.
2. Magbigay at magsagawa ng lingguhang gawain na nakatuon sa paglinang ng mas malawak na talasalitaan at sa pagsasanay ng wastong pagbigkas, upang maging mas malinaw at epektibo ang kanilang pagpapahayag.

3. Dapat ding pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas ng emotional confidence ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligtas, inklusibo, at suportadong kapaligiran na makatutulong sa pagbawas ng kaba, pag-aatubili, at hiya sa pagsasalita.
4. Higit pa rito, mainam na isulong ang paggamit ng Filipino sa mga di-pormal na usapan, gaya ng sa mga pahinga o labas ng klase, upang mas maging natural at bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon ng mga mag-aaral ang wika.

TALASANGGUNIAN

- [1] Abang, R. V., & Aringay, M. G. (2024). Language in the classroom: An analysis of students' code-switching in the new normal. *Randwick International of Education and Linguistics Science Journal*, 4(3), 774–789. <https://doi.org/10.47175/rielsj.v4i3.808>
- [2] Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
- [3] Buduan, J. (2023). Enhancing students' performance in the Filipino subject. *International Journal of Scientific Engineering and Applied Science*. <https://ijseas.com/volume10/v10i7/IJSEAS202407101.pdf>
- [4] Bachman, L. F., & Palmer, A. S. (2020). *Language assessment in practice: Developing language assessments and justifying their use in the real world*. Oxford University Press.
- [5] <https://global.oup.com/academic/product/language-assessment-in-practice-9780194431103?cc=us&lang=en>
- [6] Celce-Murcia, M., Dörnyei, Z., & Thurrell, S. (2018). Teaching language as communication: Revisiting communicative competence. In M. Celce-Murcia (Ed.), *Teaching English as a second or foreign language* (4th ed., pp. 1–14). National Geographic Learning. https://ngl.cengage.com/assets/downloads/elt/TESL_4th_ed_ch1.pdf
- [7] Dela Guro, M. G. A. (2025). Factors affecting vocabulary acquisition in the Filipino language: Basis for enriching vocabulary and communication skills. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 35(10), 1107–1114. <https://doi.org/10.70838/pemj.351002>
- [8] Dewaele, J. M., & MacIntyre, P. D. (2014). The two faces of Janus? Anxiety and enjoyment in the foreign language classroom. *Studies in Second Language Learning and Teaching*, 4(2), 237–274. <https://doi.org/10.14746/sslt.2014.4.2.5>
- [9] Gonzales, W. D. W. (2016). Trilingual code-switching using quantitative lenses: An exploratory study on Hokaglish. *Philippine Journal of Linguistics*, 47, 106–128.
- [10] Gonzales, P. (2019). The influence that utilizing Filipino in educational settings has on the overall academic achievement of pupils [Master's thesis]. https://www.coursehero.com/tutors-problems/Creative-Writing/46909796-K%25C3%25A1sanayan-sa-Paggamit-ng-wikang-Filipino-at-pag-unawa-sa-mga/?utm_source=
- [11] Krashen, S. D. (1982). *Principles and practice in second language acquisition*. Oxford: Pergamon Press.
- [12] Maramag-Manalastas, A., & Batang, J. (2024). Factors influencing the English language competency of Filipino university students. *ResearchGate*. https://www.researchgate.net/publication/381563789_Factors_Influencing_the_English_Language_Competency_of_Filipino_University_Students

- [13] Napil, M., & San Jose, L. (2020). Beliefs and strategies in Filipino language learning and academic performance of indigenous students. *International Journal of Educational Policy Research and Review*. <https://journalissues.org/ijepr/abstract/beliefs-and-strategies-in-filipino-language-learning-and-academic-performance-of-indigenous-students/>
- [14] Regidor, G. M. T., & Labiste Jr., J. L. (2024). Language anxiety among selected Filipino high school learners: A sequential explanatory analysis. *United International Journal for Research & Technology*, 5(8), 244–254.
- [15] Reyes, J. C. (2022). Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita. https://www.researchgate.net/publication/388524222_Mga_Hamon_Sa_Epektibong_Paggamit_Ng_Wikang_Filipino_Sa_PagsasalitaResearchGate+1Cognizance Journal+1
- [16] Salvacion, J. D., & Napil, M. C. (2025). Intercultural competence, language anxiety, and Filipino language learning motivation of indigenous students: A mixed-methods study. *Asian Journal of Advanced Research and Reports*, 19(6), 528–544. <https://doi.org/10.9734/ajarr/2025/v19i61076>
- [17] Santos, A. B. (2020). Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo: Isang Pagsusuri. *Scribd*. <https://www.scribd.com/document/739496345/fildis-research2-1>
- [18] Santos, C. (2021). Diakroniko - Mungkahing Saliksik. *Scribd*. <https://www.scribd.com/document/588943519/DIAKRONIKO-MUNGKAHING-SALIJSIK-CHARMAINE-SANTOS>
- [19] Tana, R. (2025). Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students. *International Journal of Applied and Basic Subjects*. <https://visnav.in/ijabs/article/factors-influencing-the-level-of-filipino-language-proficiency-among-secondary-students/>
- [20] Tan-de Ramos, J. (2023). A study on the vocabulary of Filipino-English bilingual children outside the school setting. *International Journal of Language and Literary Studies*, 5(1), 1–15. <https://doi.org/10.36892/ijlls.v5i1.1168>
- [21] Tupas, R. (2015). Inequalities of multilingualism: Challenges to mother-tongue based multilingual education. *Language and Education*, 29(2), 112–124. <https://doi.org/10.1080/09500782.2014.1000376>